9

# ARALING PANLIPUNAN

## 3 - Markahan , Linggo 1 - 4



SCHOOLS DIVISION `OF DINAGAT ISLANDS

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan 9**
**Ikatlong Kwarter – Mga Gawain sa Pagkatuto**
**Unang Set**
**Unang Edisyon, 2020**

**Republic Act 8293**, **section 176** states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this book are owned by their respective copyright holders. Every effort has been exerted to locate and seek permission to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent nor claim ownership over them.

Published by Schools Division of Dinagat Islands

**Development Team of the Learning Activity Sheets**

**Writers:** Merdilyn D. Puertos
**Editor:** Christopher D. Balatero
Merlinda T. Japay
Prescilla P. Capisnon
Rhey G. Eder
**Reviewers:**
**Layout Artist:** Jubell Cababat
Jay S. Mateo
Kevin L. Madera
**Management Team:**

| | |
|---|---|
| Schools Division Superintendent | FELISA G. LARANJO, PhD, CESO VI |
| OIC, Assistant Schools Division Superintendent | LEONEVEE V. SILVOSA, PhD |
| Chief Education Supervisor, SGOD | MILA O. GERALDINO, PhD |
| Chief Education Supervisor, CID | LOPE C. PAPELERAS, PhD |
| Education Program Supervisor, Aral.Pan. | JUAN JR L. ESPINA |
| Education Program Supervisor, LRMS | MICHAEL C. PASO, PhD |
| Project Development Officer II | |
| SDO Librarian II | NARMIE S. NAVAS |

**Printed in the Philippines by ______________________________**

Department of Education – Learning Resource Management Section
Office Address: White Beach, Dinagat, Dinagat Islands
E-mail Address: sample@gmail.com, lrms.dinagatislands.caraga@deped.gov.ph
Telephone no.: #

| Linggo 1-2 | Naipaliliwanag ang bahaging ginagampanan ng mga bumubuo sa paikot na daloy ng ekonomiya |
|---|---|

Pangalan: ___________________________________________________________

Pangkat: ____________________________________________________________

## Panimula

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets – LAS**) ay disenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ika-9 na baitang upang matatalakay ang Paikot nan a Daloy ng Ekonomiya. Ang pinakatiyak na layunin ng bahaging ito ay matutuhan mo bilang mag-aaral ang mahahalagang ideya o konsepto tungkol sa pambansang ekonomiya. Inaasahang magagabayan ka ng mga inihandang gawain at teksto upang masagot kung papaanong ang kaalaman sa pambansang ekonomiya ay makatutulong sa pagpapabuti ng antas ng pamumuhay ng mga mamamayan tungo sa kaunlaran ng bansa.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

Aralin 1: Paikot na Daloy ng Ekonomiya

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nailalarawan ang paikot na daloy ng ekonomiya
2. Natataya ang bahaging ginagampanan ng mga bumubuo sa paikot na daloy ng ekonomiya
3. Nasusuri ang ugnayan sa isa't isa ng mga bahaging bumubuo sa paikot na daloy ng ekonomiya

## Paunang Pagtataya

**Panuto**: Basahing mabuti ang bawat aytem, piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang inilalarawan ng paikot na daloy ng ekonomiya?
   A. Kita at gastusin ng pamahalaan
   B. Kalakalan sa loob at labas ng bansa
   C. Ugnayan ng bawat sektor ng ekonomiya
   D. Transaksiyon ng mga intitusyong pampinansyal
2. Sa paikot na daloy ng ekonomiya, papaano nagkaugnay ang sambahayan at bahay-kalakal?
   A. Sa sambahayan nagmumula ang mga salik ng produksiyon na sumasailalim ng pagpoproseso ng bahay-kalakal.
   B. Ang salapi ay ginagamit ng sambahayan upang ipautang na kapital sa mga bahay-kalakal.
   C. Ginagamit ng sambahayan ang nakokolektang buwis upang makabuo ng produkto na gagamitin ng mga bahay-kalakal.
   D. Nagbubukas ng bagong planta ang sambahayan upang magkaroon ng karagdagang trabaho para sa mga bahay-kalakal.
3. Sumisingil ang pamahalaan ng buwis upang kumita. Ano ang tawag sa kita na mula sa buwis na ito.
   A. Income Tax  B. Public Tarff  C. People's Taxes  D. Public Revenue
4. Ano ang ipinapakita sa ikalimang modelo sa paikot na daloy ng ekonomiya?
   A. Ang pambansang ekonomiya ay bukas sa pandaigdigang ekonomiya
   B. Ang bahay kalalakal ay nagluluwas ng mga produkto sa panlabas na Sector
   C. Hindi nakikipag-ugnayan sa mga dayuhang ekonomiya
   D. Ang pambansang ekonomiya ay sarado
5. Alin sa mga sumusunod na sektor ang tanging may kakayahang lumikha ng produkto?
   A. Sambahayan B. Bahay Kalalakal C. Pmailhang Pinansyal D. Entreprenyur
6. Saan nakabatay ang paglago ng ekonomiya sa ikalawang modelo ng paikot na daloy ng ekonomiya?
   A. Sa laki ng kapital
   B. Sa pagtaas ng produksiyon
   C. Sa pamamahala ng entreprenyur
   D. Sa kita ng export at import ng produkto
7. Alin sa mga sumusunod ang isa sa mga pinagbabatayan ng paglago ng pambansang ekonomiya.
   A. Produktobidad ng mga gawain ng pamahalaan
   B. Pagbabayad ng buwis ng mga mamamayan
   C. Pagtatayo ng maraming mga malls
   D. Pagbubukas ng maraming trabaho
8. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng isang bukas na ekonomiya?
   A. Upang hindi magpag-iwanan ng ibang bansa
   B. Upang magkaroon ng diplomasya ang mga bansa
   C. Dahil maraming salik ng produksiyon ang kakailanganin ng bawat bansa
   D. Mahalaga ang pagkakaroon ng kompetisyon ng mga produkto sa pandaigdigang kalalakalan

9. Ano ang maaaring kahihinatnan kung palaging umaasa ang mga tao sa tulong na ibibgay ng pamahalaan at makipagkompetensiya ang pamahalaan sa pamumuhunan ng pribadong kalakal.
   A. Marami ang mawawalan ng trabaho at kita
   B. Bumagsak ang ekonomiya ng bansa
   C. Marami ang mamumuhunan sa bansa
   D. Magiging tamad ang mga mamamayan
10. Alin sa mga sumusunod ang ipinangakong isasakatuparan sa pagsingil ng buwis ng ating pamahalaan.
   A. Libreng edukasyon para sa lahat
   B. Pabahay sa mga mga mahihirap
   C. Pampublikong serbisyo at paglilingkod
   D. Tulong pinansyal sa mga nagkakasakit

## Pag-aralan


## Balikan

Batay sa iyong napag-aralan sa nakaraang modyul, magkaroon tayo ng paglinang ng kakayahang mag-isip.

## Gawain 1: Hula-Letra

Panuto: Isulat sa loob ng lobo ang tamang letra upang mabuo ang salita. Ang ilang letra ay ibinigay na bilang gabay.

1. Dibisyon ng ekonomiks na nakatuon sa kabuuang ekonomiya




2. Salaping kinokolekta ng pamahalaan upang makalikom ng pondo




3. Pinagmumulan ng mga salik ng produksiyon




4. Bumubuo ng mga produkto at serbisyong panlipunan




5. Pagbebenta ng mga produkto sa ibang bansa




Pamprosesong Tanong:
1. Ano ang iyong sariling pagkaunawa sa makroekonomiks?
2. Papaano kaya naiba ang makroekonomiks sa maykroekonomiks?

# MGA MODELO NG PAMBANSANG EKONOMIYA

**Unang Modelo**. Ang unang modelo ng pambansang ekonomiya ay naglalarawan ng simpleng ekonomiya. Ang sambahayan at bahay-kalakal ay iisa. Ang lumilikha ng produkto ay siya ring konsyumer. Ang supply ng bahay-kalakal ay demand nito kapag kabilang na ito sa sambahayan.

Halimbawang ikaw ay napunta sa isang pulo na walang tao at sakaling walang pagkakataon na ikaw ay makaalis agad doon, ano ang nararapat mong gawin upang mabuhay? Maaaring gumawa ka ng paraan upang matugunan ang sarili mong pangangailangan dahil wala namang gagawa nito para sa iyo. Ikaw ang maghahanap ng pagkain, gagawa ng sariling bahay, at bubuo ng sariling damit. Sa madaling salita, ang sambahayan at bahay-kalakal ay ikaw lamang.

Ang kita sa simpleng ekonomiya ay ang halaga ng produksiyon sa isang takdang panahon. Inaasahan na ang halaga ng produksiyon ay siya ring halaga ng pagkonsumo sa produkto. Upang lumago ang ekonomiya, kinakailangang maitaas ng kaukulang aktor ang kanyang produksiyon at pagkonsumo.




**Ikalawang Modelo**. Ang pag-iral ng sistema ng pamilihan sa pambansang ekonomiya ang tuon ng ikalawang modelo. Ang sambahayan at bahay-kalakal ang mga pangunahing sektor dito. Sila ay binubuo ng iba't ibang aktor. Sa puntong ito masasabing magkaiba ang sambahayan at bahay-kalakal. Matutunghayan ang ikalawang modelo ng pambansang ekonomiya sa pigura sa susunod na pahina.

May dalawang uri ng pamilihan sa pambansang ekonomiya. Ang unang uri ay ang pamilihan ng mga salik ng produksiyon o factor markets. Kabilang dito ang pamilihan para sa kapital na produkto, lupa, at paggawa. Ang ikalawang uri ay pamilihan ng mga tapos na produkto o commodity. Kilala ito bilang goods market o commodity markets.

Sa ikalawang modelo, ipinapalagay na may dalawang aktor sa isang ekonomiya-ang sambahayan at bahay-kalakal.

Ang sambahayan ay may demand sa produkto ngunit wala itong kakayahang lumikha ng produkto. Ang bahay-kalakal ang tanging may kakayahang lumikha nito. subalit bago makalikha ng produkto, kailangan ng bahay-kalakal na bumili o umupa ng mga salik ng produksiyon. At dahil tanging ang sambahayan ang may supply ng mga salik ng produksiyon, makikipag-ugnayan ang bahay-kalakal sa sambahayan sa pamamagitan ng mga pamilihan ng mga salik ng produksiyon.

Sa paggamit ng mga kapital na produkto, kailangang magbayad ng interes ang bahay-kalakal, halimbawa sa paggamit ng lupa, magbabayad ang bahay-kalakal


ng renta o upa at sa paggamit ng paggawa, magbibigay ito ng pasahod. Dahil sa sambahayan din nagmumula ang entreprenyur, may kita itong nakukuha mula sa pagpapatakbo ng negosyo. At ang kita ng entreprenyur ay nabibilang na kita ng sambahayan.

Apat ang pinagmumulan ng kita ng sambahayan. Kumikita ang sambahayan sa interes, kita ng entreprenyur, renta o upa, at pasahod sa paggawa. Sa pananaw naman ng bahay-kalakal, ang interes, kita ng entreprenyur, renta o upa, at mga pasahod sa paggawa ay mga gastusin sa produksiyon.

Matapos ang produksiyon, makikipag-ugnayan ang bahay-kalakal sa sambahayan sa pamilihan ng kalakal at paglilingkod. Dito bibili ang sambahayan ng produkto na pantugon sa pangangailangan o kagustuhan nito. Gagamitin ng sambahayan ang natanggap na kita upang makabili ng produkto. Sa pananaw ng sambahayan, ito ay gumagastos sa pagbili ng produkto. Kung saan gumagastos ang sambahayan, doon kumikita ang bahay-kalakal. Mamamalas dito ang interdependence ng sambahayan at bahay-kalakal. Ang dalawang aktor ay umaasa sa isa't isa upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan at kagustuhan.

Mapapansin din na kumikita ang isang sektor sa bawat paggastos ng ibang sektor. Dahil dito, may dalawang pagsukat sa kita ng pambansang ekonomiya. Ang isa ay sa pamamagitan ng halaga ng gastusin ng sambahayan at bahay-kalakal. Ang isa naman ay sa pamamagitan ng kabuuang kita ng sambahayan at bahay-kalakal. Ang kabuuang kita ay naglalarawan din ng produksiyon ng pambansang ekonomiya.

Sa ikalawang modelo, ang paglago ng ekonomiya ay nakabatay sa pagtaas ng produksiyon. Upang maitaas ang produksiyon, kailangang marami ang magagamit na salik ng produksiyon. Bukod dito, kailangang maitaas din ang antas ng produktibidad ng mga salik. Samakatuwid, kailangan ng paglago ng kapital. Kailangang dumami ang oportunidad sa trabaho. Kailangang malinang ang produktibidad ng lupa. Kailangang mapag-ibayo ng entreprenyur ang kanyang kaalaman sa pagpapatakbo ng negosyo. Sa ganitong kalagayan, tataas ang mga kita ng sambahayan at bahay-kalakal.




**Ikatlong Modelo**. Ang ikatlong modelo ay nagpapakita ng dalawang pangunahing sektor-ang sambahayan at bahay-kalakal. Isinasaalang-alang ng sambahayan at bahay-kalakal ang kanilang mga desisyon sa panghinaharap.
Hindi ginagamit ng sambahayan ang lahat ng kita para sa pamimili. Hindi lang pangkasalukuyang produksiyon ang iniisip ng bahay-kalakal. Bukod sa pamimili at paglikha ng produkto, ang pag-iimpok at pamumuhunan ay nagiging mahahalagang

gawaing pang-ekonomiya. Nagaganap ang mga nasabing gawain sa mga pamilihang pinansiyal (financial market).

Tatlo ang pamilihan sa ikatlong modelo. Ang mga pamilihan ay para sa salik ng produksiyon, commodity o tapos na produkto, at para sa mga pinansiyal na kapital.

Nag-iimpok ang mamimili bilang paghahanda sa hinaharap. Hindi nito gagastusin ang isang bahagi ng natanggap na kita. Ang bahagi ng kita na hindi ginastos ay tinatawag na impok (savings). Ito ang inilalagak sa pamilihang pinansiyal. Kabilang sa naturang pamilllihan ang mga bangko, kooperatiba, insurance company, pawnshop, at stock market.

Samantala sa pagtagal ng panahon, hindi lamang pagtubo ang iniisip ng bahay-kalakal. Ninanais din nitong mapalawak ang negosyo sa iba't ibang panig ng bansa. Maaaring hindi sapat ang puhunan nito sa pagpapalawak ng negosyo. Ngunit maaaring patuloy namang gaganda ang negosyo nito kung lalawak ang sakop ng produksiyon.

Dahil dito, maaaring manghiram ang bahay-kalakal ng karagdagang pinansiyal na kapital. Ito ang gagamitin na puhunan sa nasabing plano ng produksiyon. Hihiram ang bahay-kalakal sa sambahayan sa pamamagitan ng pamilihang pinansiyal. Ang paghiram ng bahay-kalakal ay may kapalit na kabayaran. Babayaran nito ng interes ang hiniram na puhunan. Sinisingil ang bahay-kalakal dahil may kapakinabangan itong matatamo sa paghiram ng puhunan. Ito ay ang pagtaas ng kita kapag lumawak na ang negosyo nito.

Ang isang bahagi ng interes na binabayaran ng bahay-kalakal ay magiging kabayaran sa sambahayan. Kumikita ng interes ang sambahayan mula sa pag-iimpok. Ito ay dahil nagagamit ang inilagak nitong ipon bilang puhunan ng mga bahay-kalakal. Para sa sambahayan, ang interes ay kita. Para sa bahay-kalakal, ito ay mahalagang gastusin.

Ang pag-iimpok at pamumuhunan ay hindi orihinal na mga gawaing pangekonomiya. Ang mga ito ay nagaganap dahil nagkakaroon ng pagpaplano para sa hinaharap ang mga naturang aktor. Ito ang nagpapaliwanag sa broken lines na ginamit sa dayagram. Kung walang pagpaplano sa hinaharap ang mga aktor, walang pagiimpok at pamumuhunan.

Sa ikatlong modelo, ang kita ng pambansang ekonomiya ay maitatakda ng kabuuang gastusin ng sambahayan at bahay-kalakal. Kasama na rito ang gastusin sa pamumuhunan ng bahay-kalakal. Ang isa naman ay sa pamamagitan ng kabuuang kita ng sambahayan at bahay-kalakal. Kabilang dito ang kita ng sambahayan sa pagiimpok.

Ang paglago ng pambansang ekonomiya ay nakabatay sa pagtaas ng produksiyon. Mahalagang punto rin sa ikatlong modelo ang mga nabanggit sa ikalawang modelo. Ngunit may mga karagdagang dala ang pagsulpot ng mga gawain na pag-iimpok at pamumuhunan. Ang paglago ng ekonomiya ay nakabatay rin sa paglaki ng pamumuhunan.

Upang maging matatag ang ekonomiya, kailangang may sapat na ipon ang sambahayan. Kailangan din na may sapat na dami ng bahay-kalakal na handang mamuhunan. Inaasahan na sa pamumuhunan ng bahay-kalakal, tataas ang produksiyon ng mga kapital na produkto. Inaasahan na darami rin ang mabubuksang trabaho para sa paggawa. Sa ganitong modelo ng ekonomiya, mahalagang balanse ang pag-iimpok at ang pamumuhunan.




**Ikaapat na Modelo**. Ang ikaapat na modelo ay tatalakayin sa susunod na pahina. Ito ang modelo ng ekonomiya kung saan ang pamahalaan ay lumalahok sa sistema ng pamilihan. Maaaring maliit at mabagal ang gampanin ng pamahalaan dito. Maaari namang malaki rin at aktibo ang pamahalaan dito.Kung ang unang gampanin ang pagbabatayan, ang pamahalaan ay kabilang sa politikal na sektor. Labas ang pamahalaan sa usapin ng pamilihan. Ngunit kung sa ikaapat na modelo ang pagbabatayan, papasok ang pamahalaan bilang ikatlong sektor. Ang naunang dalawang sektor ay ang sambahayan at ang bahay-kalakal. Bukod sa pag-iimpok at pamumuhunan, ang pagbabayad ng buwis ay nagiging karagdagang gawain sa ekonomiya. Tulad din ng pag-iimpok at pamumuhunan, broken lines ang ginamit sa pagbabayad ng buwis. Ang pagbabayad ng buwis ay takdang gawain ng sambahayan at bahay-kalakal sa isang pamilihan.

Sumisingil ng buwis ang pamahalaan upang kumita. Ang kita mula sa buwis ay tinatawag na public revenue. Ito ang ginagamit ng pamahalaan upang makalikha ng pampublikong paglilingkod. Ang mga pampublikong paglilingkod ay nauuri sa pangangailangan ng sambahayan at ng bahay-kalakal.Sa ikaapat na modelo, ang kita ng pambansang ekonomiya ay maitatakda ng kabuuang gastusin ng sambahayan, bahay-kalakal, at pamahalaan. Maitatakda rin ang pambansang kita sa pamamagitan ng kabuuang kita ng sambahayan, bahaykalakal, at pamahalaan.

Ang paglago ng pambansang ekonomiya ay may tatlong pinagbabatayan: una, ang pagtaas ng produksiyon; ikalawa, ang produktibidad ng pamumuhunan; at ikatlo, ang produktibidad ng mga gawain ng pamahalaan.

Upang maging matatag ang ekonomiya, mahalagang makalikha ng positibong motibasyon ang mga gawain ng pamahalaan. Mahalagang maihatid ang mga pampublikong paglilingkod na ipinangakong isasakatuparan sa pagsingil ng buwis. Hangad ng bawat sektor na makita ang kinahinatnan ng kanilang pagbabayad ng

buwis. Sa pagsingil ng buwis, mahalagang hindi mabawasan ang produktibidad ng bawat sektor. Hindi maiiwasan na magtaas sa pagsingil ng buwis. Ngunit mahalaga na hindi makaramdam ng paghihirap ang mga sektor sa pagtataguyod ng mga pangangailangan at kagustuhan.

Sa aspekto ng gastusin ng pamahalaan, mahalagang mapag-ibayo ang mga kaalaman at kakayahan ng sambahayan at bahay-kalakal. Ang mga pampublikong paglilingkod ay dapat maging produktibo. Hindi dapat maging palaasa ang mga tao sa tulong na ibibigay ng pamahalaan. Hindi rin dapat makipagkompetensiya ang pamahalaan sa pamumuhunan ng pribadong bahay-kalakal. Sa oras na maganap ito, marami ang magtatanggal ng puhunan sa bansa. Marami ang mawawalan ng trabaho at kita. Ang buong ekonomiya ay aasa na lamang sa gawain ng pamahalaan.





**Ikalimang Modelo.** Sa naunang apat na modelo, ang pambansang ekonomiya ay sarado. Ang saradong ekonomiya ay hindi nakikipag-ugnayan sa mga dayuhang ekonomiya. Ang tuon lamang ng mga naunang talakayan ay ang panloob na takbo ng ekonomiya. Ang perspektiba sa saradong pambansang ekonomiya ay domestik.

Iba pang usapin kapag ang pambansang ekonomiya ay bukas. May kalakalang panlabas ang bukas na ekonomiya. Ang kalakalang panlabas ay ang pakikipagpalitan ng produkto at salik ng pambansang ekonomiya sa mga dayuhang ekonomiya.

May mga sambahayan at bahay-kalakal ang dayuhang ekonomiya. Pareho rin sila na may pinagkukunang-yaman. Maaaring magkaiba ang kaanyuan at dami ng mga ito. Maaaring kailangan nila ang ilan sa mga ito bilang salik ng produksiyon. Ang pangangailangan sa pinagkukunang-yaman ay isang basehan sa pakikipagkalakalan. May mga pinagkukunang-yaman na ginagamit bilang sangkap ng produksiyon na kailangan pang angkatin sa ibang bansa.

Lumilikha ng produkto mula sa pinagkukunang-yaman ang pambansang ekonomiya. Gayundin ang dayuhang ekonomiya. Maaaring magkapareho ang kanilang produkto. Maaari rin namang magkaiba. Nakikipagpalitan ang dalawang ekonomiya ng produkto sa isa't isa.

Ang bahay kalakal ay nagluluwas (export) ng mga produkto sa panlabas na sektor samantalang ang sambahayan ay nag-aangkat (import) mula dito.




## Mga Gawaing Pampagkatuto

Gawain 1: **FILL IT RIGHT**


Panuto: Ibigay ang bahaging ginagampanan ng mga aktor at pamilihan sa paikot na daloy ng ekonomiya.

| MGA AKTOR SA PAIKOT NA DALOY NG EKONOMIYA | BAHAGING GINAGAMPANAN |
|---|---|
| 1. Sambahayan | |
| 2. Bahay-kalakal | |
| 3. Pamahalaan | |
| 4. Panlabas na Sektor | |

| MGA URI NG PAMILIHAN | BAHAGING GINAGAMPANAN |
|---|---|
| 1. Product Market | |
| 2. Factor Market | |
| 3. Financial Market | |
| 4. World Market | |

Gawain 2: **SURIIN AT UNAWAIN**

Panuto: Upang higit na maunawaan ang binasang teksto, masdang mabuti ang mga bagay na makikita sa dayagram. Tukuyin at isulat sa loob ng kahon kung anong sektor ang ipinapakita sa dayagram. Pagkatapos ng pagsasagawa ng pagsusuri ay maaari mo nang sagutan ang mga pamprosesong tanong.




**Pamprosesong Tanong**:

1. Ano ang ipinapakita sa paikot na daloy?
2. Papaanong nagkakaroon ng ugnayan ang iba't ibang sektor ng ekonomiya? Ipaliwanag.

Gawain 3: **PAGGAWA NG COLLAGE**

Panuto: Gamit ang mga materyales na maaaring gamiting-muli (*recyclable*) o mga materyales na *indigenous* sa inyong lugar, bumuo ng isang dayagram ng paikot na daloy at idikit ito sa kalahating bahagi ng illustration board o cartolina.

Rubrik sa Pagmamarka ng Collage

| | **Magaling (3)** | **Katamtaman (2)** | **Nangangailangan ng Pagsisikap (1)** | **Nakuhang Puntos** |
|---|---|---|---|---|
| | Naipakita ang | Naipakita ang | Hindi naipakita | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **NILALAMAN** | lahat ng sector na bumubuo sa paikot na daloy at ang tungkuling ginagampanan ng bawat isa. | ilan sa mga sector na bumubuo sa paikot na daloy at ang ilang tungkuling ginagampanan ng bawat isa. | ang mga sector na bumubuo sa paikot na daloy at hindi rin naipakita ang tungkuling ginagampanan ng bawat isa. | |
| **KAANGKUPAN NG KONSEPTO** | Lubhang angkop ang konsepto at maaaring magamit sa pang-araw-araw na pamumuhay. | Angkop ang konsepto at maaaring magamit sa pang-araw-araw na pamumuhay. | Hindi angkop ang konsepto at hindi maaaring magamit sa pang-araw-araw na pamumuhay. | |

## Paglalahat / Repleksyon

Gawain: Isulat ang iyong mga natutunan matapos pag-aralan ang paksa.

3 — 3 bagay na nakita ko

Natuklasan ko…

1. ________________________________________
2. ________________________________________
3. ________________________________________

2 — 2 interesadong bagay na natutunan ko

Natutunan ko ang…

1. ________________________________________
2. ________________________________________

1 — 1 bagay na nalilito ako

Kailangang matuto pa ako…

1. ________________________________________

## Panapos na Pagtataya

**Panuto**: Basahing mabuti ang bawat aytem, piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Saan nakabatay ang paglago ng ekonomiya sa ikalawang modelo ng paikot na daloy ng ekonomiya?
   A. Sa laki ng kapital
   B. Sa pagtaas ng produksiyon
   C. Sa pamamahala ng entreprenyur
   D. Sa kita ng export at import ng produkto
2. Alin sa mga sumusunod ang isa sa mga pinagbabatayan ng paglago ng pambansang ekonomiya.
   A. Produktobidad ng mga gawain ng pamahalaan
   B. Pagbabayad ng buwis ng mga mamamayan
   C. Pagtatayo ng maraming mga malls
   D. Pagbubukas ng maraming trabaho
3. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng isang bukas na ekonomiya?
   A. Upang hindi magpag-iwanan ng ibang bansa
   B. Upang magkaroon ng diplomasya ang mga bansa
   C. Dahil maraming salik ng produksiyon ang kakailanganin ng bawat bansa
   D. Mahalaga ang pagkakaroon ng kompetisyon ng mga produkto sa pandaigdigang kalalakalan
4. Ano ang maaaring kahihinatnan kung palaging umaasa ang mga tao sa tulong na ibibgay ng pamahalaan at makipagkompetensiya ang pamahalaan sa pamumuhunan ng pribadong kalakal.
   A. Marami ang mawawalan ng trabaho at kita
   B. Bumagsak ang ekonomiya ng bansa
   C. Marami ang mamumuhunan sa bansa
   D. Magiging tamad ang mga mamamayan
5. Alin sa mga sumusunod ang ipinangakong isasakatuparan sa pagsingil ng buwis ng ating pamahalaan.
   A. Libreng edukasyon para sa lahat
   B. Pabahay sa mga mga mahihirap
   C. Pampublikong serbisyo at paglilingkod
   D.Tulong pinansyal sa mga nagkakasakit
6. Ano ang inilalarawan ng paikot na daloy ng ekonomiya?
   A. Kita at gastusin ng pamahalaan
   B. Kalakalan sa loob at labas ng bansa
   C. Ugnayan ng bawat sektor ng ekonomiya
   D. Transaksiyon ng mga intitusyong pampinansyal
7. Sa paikot na daloy ng ekonomiya, papaano nagkaugnay ang sambahayan at bahay-kalakal?
   A. Sa sambahayan nagmumula ang mga salik ng produksiyon na sumasailalim ng pagpoproseso ng bahay-kalakal.
   B. Ang salapi ay ginagamit ng sambahayan upang ipautang na kapital sa mga bahay-kalakal.
   C. Ginagamit ng sambahayan ang nakokolektang buwis upang makabuo ng produkto na gagamitin ng mga bahay-kalakal.
   D. Nagbubukas ng bagong planta ang sambahayan upang magkaroon ng karagdagang trabaho para sa mga bahay-kalakal.

8. Sumisingil ang pamahalaan ng buwis upang kumita. Ano ang tawag sa kita na mula sa buwis na ito.

A. Income Tax B. Public Tarff C. People's Taxes D. Public Revenue

9. Ano ang ipinapakita sa ikalimang modelo sa paikot na daloy ng ekonomiya?
   A. Ang pambansang ekonomiya ay bukas sa pandaigdigang ekonomiya
   B. Ang bahay kalalakal ay nagluluwas ng mga produkto sa panlabas na Sector
   C. Hindi nakikipag-ugnayan sa mga dayuhang ekonomiya
   D. Ang pambansang ekonomiya ay sarado

10. Alin sa mga sumusunod na sektor ang tanging may kakayahang lumikha ng produkto?

A. Sambahayan B. Bahay Kalalakal C. Pmailhang Pinansyal D. Entreprenyur

**Susi sa Pagwawasto**

Paunang Pagtataya

1. C
2. A
3. D
4. A
5. B
6. B
7. A
8. C
9. A
10. C

Gawain 1: Hula Letra

1. MAKROEKONOMIKS
2. BUWIS
3. SAMBAHAYAN
4. PAMAHALAAN
5. EXPORT

Gawaing Pampagkatuto

Gawain 1: Fill It Right

Iba iba ang sagot

Gawaing Pampagkatuto

Gawain 2: Fill It Right

1. Pamilihan ng kalakal at paglilingkod
2. Bahay kalakal
3. Pamahalaan
4. Sambahayan
5. Pamilihang Pinansyal

Panapos na Pagtataya

1. B
2. A
3. C
4. A
5. C
6. C
7. A
8. D
9. A
10. B

## Sanggunian

**Aklat:**


Balitao, Bernard R. et al., Ekonomiks: *Mga Konsepto at Aplikasyon, Batayang Aklat ng Araling Panlipunan, Ika-siyam na Baitang.* Quezon City: Vibal Publishing House, Inc., 2012.

Kagawaran ng Edukasyon, Republika ng Pilipinas. *Ekonomiks, Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral, Unang Edisyon*, Pasig City: Vibal Group, Inc.,2015.

Tolentino, Rhodora R. *Bagong Kalakaran sa Ekonomiks Para sa Mataas na Paaralan*. Quezon City: Saint Bernadette Publications, Inc.,2001.

Tulla, Tereso S., Jr. *Unawain Natin ang Ekonomiks sa Diwang Pilipino, Ikalawang Edisyon*. Quezon City: SIBS Publishing House, Inc., 1998.

| Linggo 3-4 | Nasusuri ang pamamaraan at kahalagahan ng pagsukat ng pambansang kita |
|---|---|

Pangalan:________________________________Pangkat_________________ _______________________

## Panimula

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets – LAS**) ay disenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ika-9 na baitang upang malalaman mo kung may narrating na pagsulong at pag-unlad ang ekonomiya ng isang bansa sa pamamagitan ng pagsusuri sa *economic performance* nito. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga economic indicators ay nasusukat ang kasiglahan ng ekonomiya. Ang mga gawain sa araling ito ay tutuklas sa iyong kaalaman tungkol pambansang kita at kung bakit mahalagang masukat ang *economic performance* ng isang bansa.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

Aralin 2: Pambansang Kita

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nasusuri ang pambansang produkto (Gross National Product-Gross Domestic Product) bilang panukat ng kakayahan ng isang ekonomiya
2. Nakikilala ang mga pamamaraan sa pagsukat ng pambansang produkto
3. Nasusuri ang kahalagahan ng pagsukat ng pambansang kita sa ekonomiya
4. Nailalahad ang mga salik na nakaaapekto sa pambansang kita at pambansang produkto

## Paunang Pagtataya

**Panuto**: Basahing mabuti ang bawat aytem, piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Kailan makikita na positibo ang *economic performance* ng bansa?

    A. Kapag malaking bilang ng lakas paggawa ay wlng trabaho
    B. Kapag gumagamit ng makabagong teknolohiya ang mga bahay kalakal
    C. Kapag may pag-angat sa Gross Domestic Product ng bansa
    D. Kapag lumalaki ang utang panlabas ng bansa


2. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang totoo tungkol sa Gross Domestic Product.
    A. Ang kinita ng mga naturang OFW na nagtatrabaho sa kanilang mga bansa ay binibilang sa Gross Domestic Product
    B. Sinusukat nito ang halaga ng lahat ng tapos na produkto ng ating bansa lamang
    C. Ang produktong nabuo mula sa impormal sector ay kasama sap ag kwenta ng Gross Domestic Product
    D. Sinusukat nito ang halaga ng lahat ng tapos na produkto ng ibang bansa.

3. Piliin sa sumusunod na pahayag ang pinakawasto.
    A. Ang kita ng dayuhang namamasukan sa Pilipinas ay kabilang sa Gross National Income nito.
    B. Ang gawaing nagmula sa impormal na sector ay kabilang sa pagsukat ng Gross National Income
    C. Ang mga produktong segunda mano ay kabilangsa pagsukat ng Gross National Income
    D. Ang halaga ng tapos na produkto at paglilingkod lamang ang isinasama sa Gross National Income

4. Kung mabagal ang pagsulong ng ekonomiya ng bansa base sa pagsusuri sa economic performance nito, dapat bang gumawa ng hakbang ang pamahalaan upang mapataas ito?
    A. Oo, dahil magiging kahiya-hiya ang bansa sa buong daigdig.
    B. Hindi, dahil ang bansa naman ang haharap sa naturang suliranin.
    D. Oo, dahil repleksyon ito ng hindi mahusay na pamamalakad ng ekonomiya.
    C. Hindi, dahil ang ekonomiya ng bansa ay walang kaugnayan sa ekonomiyang pandaigdigan.

5. Si Mr. Chen, isang Chinese National, ay nagtatrabaho sa kompanya na nasa Pilipinas. Saan dapat isinasama ang kanyang kinita?
    A. Sa Gross Domestic Product ng China dahil mamayan siya nito.
    B. Sa Gross National Product ng Pilipinas dahil dito nagmula ang kanyang kita.
    C. Sa Gross Domestic Product ng Pilipinas dahil dito nagmula ang kanyang kita.
    D. Sa Gross Domestic Product ng Pilipinas at China dahil parehong dito nagmula ang kanyang kita.

6. Alin sa sumusunod na pahayag ang tamang interpretasyon sa graph?
PHILIPPINE GROSS NATIONAL INCOME & GROSS DOMESTIC PRODUCT at Current Prices, In Million Pesos




A. Mas malaki ang Gross Domestic Product ng bansa kompara sa Gross National Income nito.
B. Mas malaki ang Gross National Income noong taong 2012 kompara sa taong 2013.
C. Mas malaki ang remittances mula sa mga OFW noong taong 2012 kompara sa taong 2013.
D. Mas Malaki ang Gross National Income kompara sa Gross Domestic Product sa parehong taon.

7. Alin sa mga sumusunod ang sumusukat sa kabuuang pampamilihang halaga ng lahat ng tapos na produkto at serbisyo na ginawa sa loob ng isang takdang panahon sa loob ng isang bansa.
A. Gross National Income
B. Gross Domestic Product
C. Value Added Approach
D. Real National Income

8. Alin sa sumusunod ang may tuwirang epekto sa Gross Domestic Product ng bansa?
A. Mataas na remittance ng mga Overseas Filipino Workers
B. Masiglang pakikipagkalakalan ng Pilipinas sa ibang bahagi ng mundo
C. Maayos na pamumuno ng pamahalaan na mahihikayat sa pamumuhunan
D. Matalinong paggamit ng pondo ng pamahalaan para sa kawanggawa

9. Alin sa mga sumusunod ang sumusukat sa kung ilang bahagdan ang naging pag-angat ng ekonomiya kompara sa nagdaang taon.
A. Growth Rate
B. Income per Capita
C. Gross National Income
D. Gross Domestic Product


10. Bakit mahalagang masukat ang *economic performance* ng bansa?
A. Dahil magiging tanyag ang bansa sa mga pandaigdigang institusyong pampinansiyal
B. Dahil magagamit ito upang makabuo ng mga patakarang magpapaangat sa ekonomiya ng bansa
C. Dahil replksiyon ito sa kahusayan ng namumuno na magagamit upang umani ng malaking boto sa eleksiyon
D. Dahil makikilala ang bansa sa pagkakaroon ng mahusay na pamamalakad ng ekonomiya

## Pag-aralan

## Balikan

Batay sa iyong napag-aralan sa nakaraang modyul, magkaroon tayo ng paglinang ng kakayahang mag-isip.

**Gawain 1: LARAWAN-SURI**
Panuto: Suriin ang ipinahihiwatig ng larawan sa abot ng iyong makakaya. Matapos ang pagsusuri, punan ang pahayag sa ibaba.



Ang ekonomiya ng Pilipinas ay ____________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**Pamprosesong tanong:**

1. Ano kaya ang ipinahihiwatig ng larawan?
2. Ano ang naging batayan mo sa pagkompleto ng pangungusap?
3. Sa iyong palagay, ano ang mga ginagamit na panukat upang matukoy ang kalagayan ng ekonomiya?

**Gawain 2: MAGBALIK-TANAW**
Panuto: Sagutan ang katanungan sa ibaba batay sa iyong sariling karanasan o opinyon.

Bakit mahalagang masukat ang economic performance ng isang bansa?
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________
_________________________________________________________________

## KAHALAGAHAN NG PAGSUKAT SA PAMBANSANG KITA

Ayon kay Campbell R. McConnell at Stanley Brue sa kanilang Economics Principles, Problems, and Policies (1999), ang kahalagahan ng pagsukat sa pambansang kita ay ang sumusunod:

1. Ang sistema ng pagsukat sa pambansang kita ay nakapagbibigay ng ideya tungkol sa antas ng produksiyon ng ekonomiya sa isang partikular na taon at maipaliwanag kung bakit ganito kalaki o kababa ang produksiyon ng bansa.
2. Sa paghahambing ng pambansang kita sa loob ng ilang taon, masusubaybayan natin ang direksiyon na tinatahak ng ating ekonomiya at malalaman kung may nagaganap na pag-unlad o pagbaba sa kabuuang produksiyon ng bansa.
3. Ang nakalap na impormasyon mula sa pambansang kita ang magiging gabay ng mga nagpaplano sa ekonomiya upang bumuo ng mga patakaran at polisiya na makapagpapabuti sa pamumuhay ng mga mamamayan at makapagpapataas sa economic performance ng bansa.
4. Kung walang sistematikong paraan sa pagsukat ng pambansang kita, haka-haka lamang ang magiging basehan na walang matibay na batayan.
5. Sa pamamagitan ng National Income Accounting, maaaring masukat ang kalusugan ng ekonomiya.

### GROSS NATIONAL INCOME

Ang Gross National Income (GNI) na dating tinatawag ding Gross National Product ay tumutukoy sa kabuuang pampamilihang halaga ng mga produkto at serbisyo na nagawa ng mga mamamayan ng isang bansa. Kalimitang sinusukat ang GNI sa bawat quarter o sa loob ng isang taon. Ang GNI ay sinusukat gamit ang salapi ng isang bansa. Para sa paghahambing, ginagamit na pamantayan ang dolyar ng US.

Ang halaga ng mga tapos o nabuong produkto at serbisyo lamang ang isinasama sa pagkuwenta ng Gross National Income (GNI). Ang mga produktong ito ay sumailalim na sa pagpoproseso para sa pagkonsumo. Sa pagkuwenta ng GNI, hindi na ibinibilang ang halaga ng hilaw na sangkap sa proseso ng produksiyon upang maiwasan ang duplikasyon sa pagbibilang. Halimbawa, kung ang sinulid ay ibibilang sa GNI at ibibilang din ang damit na gumamit ng sinulid bilang sangkap, nagpapakita ito na dalawang beses ibinilang ang sinulid. Kaya naman para ito ay maiwasan, hindi na ibinibilang ang halaga ng sinulid bilang sangkap sa nabuong produkto. Sa halip isinasama na lamang ang halaga ng sinulid na kasama sa halaga ng damit.

Hindi rin isinasama sa pagkuwenta ng Gross National Income (GNI) ang mga hindi pampamilihang gawain, kung wala namang kinikitang salapi ang nagsasagawa nito. Isang halimbawa nito ang pagtatanim ng gulay sa bakuran na ginagamit sa pagkonsumo ng pamilya.

Ang mga produktong nabuo mula sa impormal na sektor o underground economy tulad ng naglalako ng paninda sa kalsada, nagkukumpuni ng mga sirang kasangkapan sa mga bahay bahay, at nagbebenta ng turon sa tabi ng bangketa ay hindi rin ibinibilang sa pagkuwenta ng Gross National Income. Ito ay dahil hindi nakarehistro at walang dokumentong mapagkukunan ng datos ng kanilang gawain upang ang halaga ng kanilang produksiyon ay masukat. Ang mga produktong segundamano ay hindi rin kabilang sa pagkuwenta ng Gross National Income dahil isinama na ang halaga nito noong ito ay bagong gawa lamang.

## PAGKAKAIBA NG GROSS NATIONAL INCOME (GNI) SA GROSS DOMESTIC PRODUCT (GDP)

Sinusukat sa pamamagitan ng Gross National Income ang kabuuang pampamilihang halaga ng lahat ng nabuong produkto at serbisyo na ginawa sa loob ng itinakdang panahon. Mga mamamayan ng bansa ang nagmamay-ari ng mga salik ng produksiyong ito kahit saang bahagi ng daigdig ito ginawa. Ang Gross Domestic Product naman ay sumusukat sa kabuuang pampamilihang halaga ng lahat ng tapos na produkto at serbisyo na ginawa sa loob ng isang takdang panahon sa loob ng isang bansa. Ibig sabihin, lahat ng mga salik ng produksiyong ginamit upang mabuo ang produkto at serbisyo maging ito ay pagmamay-ari ng mga dayuhan na matatagpuan sa loob ng bansa ay kasama dito. Halimbawa, ang kita ng mga dayuhang hinango sa loob ng Pilipinas ay kabilang sa pagsukat ng Gross Domestic Product ng bansa dahil nabuo ito sa loob ng ating bansa. Hindi naman ibinibilang sa Gross National Income ng ating bansa ang kinita ng mga nabanggit na dayuhan dahil hindi naman sila mga mamamayan ng bansa. Sa kabilang banda, ang kinita ng mga dayuhang ito sa Pilipinas ay isinasama sa pagkuwenta ng Gross National Income ng kanilang bansa. Halimbawa, ang kinita ng mga Overseas Filipino Workers na nagtatrabaho sa Singapore ay ibinibilang sa pagkuwenta ng Gross Domestic Income ng Singapore ngunit hindi kabilang sa Gross National Income ng bansang ito. Sa halip, ang kinita ng mga naturang OFW ay binibilang sa Gross National Income ng Pilipinas.

## MGA PARAAN NG PAGSUKAT SA GNI

Ayon kay Villegas at Abola (1992), may tatlong paraan ng pagsukat sa Gross National Income: (1) pamamaraan batay sa gastos (expenditure approach), (2) pamamaraan batay sa kita ng sangkap ng produksiyon (income approach), at (3) pamamaraan batay sa pinagmulang industriya (industrial origin approach).

1. **Paraan Batay sa Paggasta (Expenditure Approach)** Ang pambansang ekonomiya ay binubuo ng apat na sektor: sambahayan, bahay-kalakal, pamahalaan, at panlabas na sektor. Ang pinagkakagastusan ng bawat sektor ay ang sumusunod:

**a. Gastusing personal (C)** – napapaloob dito ang mga gastos ng mga mamamayan tulad ng pagkain, damit, paglilibang, serbisyo ng manggugupit ng buhok, at iba pa. Lahat ng gastusin ng mga mamamayan ay kasama rito.

**b. Gastusin ng mga namumuhunan (I)** – kabilang ang mga gastos ng mga bahay-kalakal tulad ng mga gamit sa opisina, hilaw na materyales para sa produksiyon, sahod ng manggagawa at iba pa.

**c**. **Gastusin ng pamahalaan (G)** – kasama rito ang mga gastusin ng pamahalaan sa pagsasagawa ng mga proyektong panlipunan at iba pang gastusin nito.

**d. Gastusin ng panlabas na sektor (X – M)** – makukuha ito kung ibabawas ang iniluluwas o export sa inaangkat o import.

**e. Statistical discrepancy (SD)** – ang anumang kakulangan o kalabisan sa pagkuwenta na hindi malaman kung saan ibibilang. Ito ay nagaganap sapagkat may mga transaksiyong hindi sapat ang mapagkukunan ng datos o impormasyon.

**f. Net Factor Income from Abroad (NFIFA)** – tinatawag ding Net Primary Income. Makukuha ito kapag ibinawas ang gastos ng mga mamamayang nasa ibang bansa sa gastos ng mga dayuhang nasa loob ng bansa.

Ang formula sa pagkuwenta ng Gross National Income sa pamamaraan batay sa paggasta o expenditure approach ay: GNI = C + I + G + (X – M) + SD + NFIFA. Pag-aralan at suriin ang talahanayan ng GNI at GDP ng ating bansa noong 2012-2013 na makikita sa ibaba.

## GROSS NATIONAL INCOME AND GROSS DOMESTIC PRODUCT BY TYPE OF EXPENDITURE: Annual 2012 and 2013 CURRENT AND CONSTANT 2000 PRICES, IN MILLION PESOS

| TYPE OF EXPENDITURE | At Current Prices 2012 | At Current Prices 2013 | Growth Rate (%) | At Constant Prices 2012 | At Constant Prices 2013 | Growth Rate (%) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Consumption Expenditure | | | | | | |
| 1. Household Final | **7,837,881** | **8,455,783** | **7.9** | **4,442,523** | **4,691,060** | **5.6** |
| 2. Government Final Consumption Expenditure | **1,112,586** | **1,243,113** | **11.7** | **653,067** | **709,109** | **8.6** |
| 3. Capital Formation | **1,950,524** | **2,243,714** | **15.0** | **1,168,386** | **1,381,256** | **18.2** |
| A. Fixed Capital | 2,047,957 | 2,332,663 | 13.9 | 1,280,042 | 1,430,348 | 11.7 |
| 1. Construction | 1,074,169 | 1,236,436 | 15.1 | 517,184 | 573,475 | 10.9 |
| 2. Durable Equipment | 751,133 | 874,079 | 16.4 | 630,084 | 720,598 | 14.4 |
| 3. Breeding Stock & | 181,123 | 178,032 | -1.7 | 100,069 | 98,536 | -1.5 |
| 4. Intellectual | 41,531 | 44,116 | 6.2 | 32,705 | 37,739 | 15.4 |
| B. Changes in Inventories | -97,433 | -88,949 | | -111,656 | -49,092 | |
| 4. Exports | **3,254,460** | **3,332,196** | **2.4** | **3,054,071** | **3,077,984** | **0.8** |
| A. Exports of Goods | 2,120,180 | 2,124,279 | 0.2 | 2,426,493 | 2,428,474 | 0.1 |
| B. Exports of Services | 1,134,279 | 1,207,917 | 6.5 | 627,578 | 649,510 | 3.5 |
| 5. Less: Imports | **3,590,563** | **3,631,207** | **1.1** | **3,006,376** | **3,136,324** | **4.3** |
| A. Imports of Goods | 2,875,855 | 2,877,476 | 0.1 | 2,415,218 | 2,510,593 | 3.9 |
| B. Imports of Services | 714,708 | 753,731 | 5.5 | 591,158 | 625,731 | 5.8 |
| 6. Statistical Discrepancy | 0 | -97,495 | | 0 | 40,682 | |
| **GROSS DOMESTIC PRODUCT** | **10,564,886** | **11,546,104** | **9.3** | **6,311,671** | **6,763,767** | **7.2** |
| Net Primary Income | 2,043,843 | 2,284,037 | | 1,184,875 | 1,296,710 | |
| **GROSS NATIONAL** | **12,608,730** | **13,830,140** | **9.7** | **7,496,546** | **8,060,477** | **7.5** |

Pinagkunan: www.nscb.gov.ph retrioJanuar515

**2. Paraan Batay sa Pinagmulang Industriya (Industrial Origin/Value Added Approach)** Sa paraang batay sa pinagmulang industriya, masusukat ang Gross Domestic Product ng bansa kung pagsasamahin ang kabuuang halaga ng produksiyon ng mga pangunahing industriya ng bansa. Kinapapalooban ito ng sektor ng agrikultura, industriya, at serbisyo. Sa kabilang banda, kung isasama ang Net Factor Income from Abroad o Net Primary Income sa kompyutasyon, masusukat din nito ang Gross National Income (GNI) ng bansa.

**GROSS NATIONAL INCOME AND GROSS DOMESTIC PRODUCT BY INDUSTRY: Annual 2012 and 2013**
**CURRENT AND CONSTANT 2000 PRICES, IN MILLION PESOS**

| INDUSTRY/ INDUSTRY GROUP | At Current Prices | | | At Constant Prices | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 2012 | 2013 | Growth Rate (%) | 2012 | 2013 | Growth Rate (%) |
| Agriculture, Hunting, Forestry and Fishing | 1,250,616 | 1,297,903 | 3.8 | 698,937 | 706,647 | 1.1 |
| Industry Sector | 3,284,508 | 3,582,787 | 9.1 | 2,022,623 | 2,213,892 | 9.5 |
| Service Sector | 6,029,762 | 6,665,414 | 10.5 | 3,590,111 | 3,843,229 | 7.1 |
| | | | | | | |
| **GROSS DOMESTIC PRODUCT** | **10,564,886** | **11,546,104** | **9.3** | **6,311,671** | **6,763,767** | **7.2** |
| Net Primary Income | 2,043,843 | 2,284,037 | | 1,184,875 | 1,296,710 | |
| **GROSS NATIONAL INCOME** | **12,608,730** | **13,830,140** | **9.7** | **7,496,546** | **8,060,477** | **7.5** |

3. **Paraan Batay sa Kita** (Income Approach)
   - **a. Sahod ng mga manggagawa** - sahod na ibinabayad sa sambahayan mula sa mga bahay-kalakal at pamahalaan
   - **b. Net Operating Surplus** – tinubo ng mga korporasyong pribado at pag-aari at pinatatakbo ng pampamahalaan at iba pang mga negosyo
   - **c. Depresasyon** – pagbaba ng halaga ng yamang pisikal bunga ng pagkaluma bunga ng tuloy tuloy na paggamit paglipas ng panahon.
   - **d. Di-tuwirang buwis** – Subsidya
     1. **Di-tuwirang buwis** – kabilang dito ang *sales tax, custom duties*, lisensiya at iba pang di-tuwirang buwis.
     2. **Subsidiya** – salaping binabalikat at binabayaran ng pamahalaan nang hindi tumatanggap ng kapalit na produkto o serbisyo. Isang halimbawa nito ang pag-ako ng pamahalaan sa ilang bahagi ng bayarin ng mga sumasakay sa Light Rail Transit.

## CURRENT/NOMINAL AT REAL/CONSTANT PRICES GROSS NATIONAL INCOME

Tinalakay natin sa unang aralin kung papaano sinusukat ang pambansang kita. Tandaan na ang pampamilihang halaga ng tapos na produkto at serbisyo ang binibilang sa pambansang kita at hindi ang kabuuang dami nito. Paano kung nagkaroon ng pagtaas o pagbaba sa presyo ngunit hindi naman nagbago ang kabuuang bilang ng nabuong produkto sa ekonomiya? Kung ihahambing ang pambansang kita sa taon na nagkaroon ng pagbabago sa presyo, hindi na magiging kapani-paniwala ang paghahambing. Dito papasok ang kahalagahan ng pagsukat sa real/constant price na pambansang kita.

Ang **Gross National Income** sa kasalukuyang presyo (current o nominal GNI) ay kumakatawan sa kabuuang halaga ng mga natapos na produkto at serbisyong nagawa sa loob ng isang takdang panahon batay sa kasalukuyang presyo. Sa kabilang banda naman, ang real GNI o GNI at constant prices ay kumakatawan sa kabuuang halaga ng mga tapos na produkto at serbisyong ginawa sa loob ng isang takdang panahon batay sa nakaraan pang presyo o sa pamamagitan ng paggamit ng batayang taon o base year.

Sa pagsukat ng nominal at real GNI, kailangan munang malaman ang Price Index. Sinusukat ng Price Index ang *average* na pagbabago sa presyo ng mga produkto at serbisyo. Malalaman kung may pagtaas o pagbaba sa presyo ng mga produkto o serbisyo sa pamamagitan ng Price Index. Halimbawa sa ibaba, ang price index ng 2006 ay 133.36. Kung ang batayang taon ay 2000 (ang price index ng batayang taon ay laging nakatakda sa 100), ipinapakita nito na sa pagitan ng taong 2000 at 2006 nagkaroon ng 33.36% na pagtaas ng presyo ng bilihin. Samantala, 37.57% ang itinaas ng presyo ng mga bilihin mula 2000 hanggang 2007. Nagtala ng 48.35% na pagtaas ng presyo mula 2000 hanggang 2008 at 52.42% na pagtaas mula 2000 hanggang 2009. Pinakamalaki ang itinaas ng presyo noong 2000 hanggang 2010 na umabot sa 58.65%.

| Taon | Current/Nominal GNI | Price Index | Real/Constant Prices GNI |
|---|---|---|---|
| 2006 | **7,883,088** | **133.36** | **5,911,313** |
| 2007 | **8,634,132** | **137.57** | **6,276,013** |
| 2008 | **9,776,185** | **148.35** | **6,590,009** |
| 2009 | **10,652,466** | **152.42** | **6,988,767** |
| 2010 | **11,996,077** | **158.65** | **7,561,386** |

Mahalagang malaman ang real/constant prices GNI dahil may pagkakataon na tumataas ang presyo ng mga bilihin na maaaring makaapekto sa pagsukat sa GNI. Dahil pampamilihang halaga ang ginagamit sa pagsukat ng GNI, lalabas na mataas ito kung nagkaroon ng pagtaas sa presyo kahit walang pagbabago sa dami ng produksiyon. Sa pagkakataong ito, mas mainam na gamitin ang real o constant prices GNI. Ginagamit ang real/constant prices GNI upang masukat kung talagang may pagbabago o paglago sa kabuuang produksiyon ng bansa nang hindi naaapektuhan ng pagtaas ng presyo. Malalaman ito sa pamamagitan ng pormula sa ibaba upang masukat ang real GNI.

Kung ating susuriin, mas mababa ang real/constant prices GNI kompara sa nominal/current price GNI dahil gumamit ng batayang taon upang hindi maapektuhan ng pagtaas ng presyo ang pagsukat sa Gross National Income ng bansa. Mas kapanipaniwala ang ganitong pagsukat dahil ito ang tunay na kumakatawan sa kabuuang produksiyon ng bansa na tinanggal ang insidente ng epekto ng pagtaas ng presyo.

$$\text{Real GNI} = \frac{\textit{Price Index base year}}{\textit{Price Index current year}} \times \text{Current GNI}$$

Malalaman naman kung may natamong pag-unlad sa ekonomiya sa pamamagitan ng *growth rate*. Gamit ang pormula sa ibaba upang masukat ang *growth rate* ng Gross National Income.

$$\textit{Growth Rate} = \frac{\text{GNI sa kasalukuyang taon–GNI sa nakaraang taon}}{\text{GNI sa nakaraang taon}} \times 100$$

Ang *growth rate* ang sumusukat kung ilang bahagdan ang naging pag- angat ng ekonomiya kompara sa nagdaang taon. Kapag positibo ang *growth rate* masasabi na may pag-angat sa ekonomiya ng bansa. Samantala, kapag negatibo ang *growth rate*, ay masasabing walang naganap na pag-angat sa ekonomiya ng bansa at maipalalagay na naging matamlay ito. Ang mahalagang datos na ito naman ang gagamitin ng mga nagpaplano ng ekonomiya ng bansa upang gumawa at bumuo ng mga patakaran upang matugunan ang mga suliraning may kinalaman sa pagbaba ng *economic performance* ng bansa. Ang halimbawa sa ibaba ay nagpapakita ng pag- angat ng gawaing pangkabuhayan ng bansa sa paglipas ng panahon

| Taon | Current/Nominal GNI | Growth rate ng nominal GNI | Real/Constant Prices GNI | Growth Rate |
|---|---|---|---|---|
| 2006 | 7,883,088 | - | 5,911,313 | - |
| 2007 | 8,634,132 | 9.53% | 6,276,013 | 6.17% |
| 2008 | 9,776,185 | 13.28% | 6,590,009 | 5.00% |
| 2009 | 10,652,466 | 8.96% | 6,988,767 | 6.05% |
| 2010 | 11,996,077 | 12.61% | 7,561,386 | 8.19% |

Samantala, sa pamamagitan ng *income per capita* ay masusukat kung hahatiin ang Gross Domestic Product sa kabuuang populasyon ng bansa. Sinusukat nito ang kalagayang pangkabuhayan ng mga mamamayan. Tinataya rin ng *income per capita* kung sasapat ang kabuuang halaga ng produksiyon ng bansa upang tustusan ang pangangailangan ng mga mamamayan nito. Kalimitan, ang maliit na populasyon at malaking *income per capita* ay nangangahulugan ng malaking kakayahan ng ekonomiya na matustusan ang pangangailangan ng mga mamamayan nito. Kapag mas mabilis ang paglaki ng populasyon kompara sa *income per capita*, magiging mahirap para sa ekonomiya na tustusan ang mga pangangailangan ng mga mamamayan ng bansa. Isa itong batayan upang malaman ang kalagayang pangkabuhayan ng mga mamamayan.

## LIMITASYON SA PAGSUKAT NG PAMBANSANG KITA

Bagamat kayang sukatin ang pambansang kita ng bansa sa pamamagitan ng pormula sa unang aralin, hindi pa rin ito perpektong batayan dahil may mga gawaing pang-ekonomiya na hindi naibibilang sa pagsukat ng pambansang kita katulad ng sumusunod:

**Hindi pampamilihang gawain**

Sa pagsukat ng pambansang kita, hindi kabilang ang mga produkto at serbisyong binuo ng mga tao para sa sariling kapakinabangan tulad ng pag-aalaga ng anak, paghuhugas ng pinggan, at pagtatanim sa bakanteng lupa sa loob ng bakuran. Bagamat walang salaping nabubuo sa mga naturang gawain, ito naman ay nakabubuo ng kapaki-pakinabang na resulta.

**Impormal na sektor**

Malaking halaga ng produksiyon at kita ay hindi naiuulat sa pamahalaan tulad ng transaksiyon sa black market, pamilihan ng ilegal na droga, nakaw na sasakyan at kagamitan, ilegal na pasugalan, at maanomalyang transaksiyong binabayaran ng ilang kompanya upang makakuha ng resultang pabor sa kanila. May mga legal na transaksiyon na hindi rin naiuulat sa pamahalaan tulad ng pagbebenta ng kagamitang segunda-mano, upa sa mga nagtatapon ng basura, at marami pang iba. Ang mga nabanggit na gawain ay hindi naibibilang sa pambansang kita bagamat may mga produkto at serbisyong nabuo at may kinitang salapi.

**Externalities o hindi sinasadyang epekto**

Ang hindi sinasadyang epekto o externalities ay may halaga na kalimitang hindi nakikita sa pagsukat ng pambansang kita. Halimbawa, ang gastos ng isang planta ng koryente upang mabawasan ang perwisyo ng polusyon ay kabilang sa pagsukat ng pambansang kita. Samantala ang halaga ng malinis na kapaligiran ay hindi binibilang sa pambansang kita.


**Kalidad ng buhay**

Bagamat sinasabing ang pagtaas ng pambansang kita ay pagbuti rin ng katayuan sa buhay ng mga tao. Dapat tandaan na ang karagdagang produkto at serbisyong nabuo sa bansa ay hindi katiyakan ng kasiyahang natatamo ng isang indibidwal. Sa katunayan, maraming bagay na hindi kabilang sa pagsukat ng pambansang kita ay nakatutulong sa pagbuti ng pamumuhay ng tao tulad ng malinis na kapaligiran, mahabang oras ng pahinga, at malusog na pamumuhay. Sinusukat ng pambansang kita ang kabuuang ekonomiya ngunit hindi ang kalidad ng buhay ng tao.

Ang lahat ng limitasyong ito ay magsasabing hindi mainam na sukatan ng kagalingan ng pagkatao ang pambansang kita. Gayumpaman, kahit may limitasyon ang pagsukat ng pambansang kita, ipinapakita naman nito ang antas ng pagsulong ng ekonomiya. Dahil dito, maraming bansa at pamahalaan sa buong mundo ang patuloy pa ring ginagamit ang pambansang kita bilang batayan ng pagsukat sa isang malusog na ekonomiya.

## Mga Gawaing Pampagkatuto

**Gawain 1: GNI at GDP**
Panuto: Matapos basahin ang teksto, punan ng tamang datos ang Venn Diagram na nasa ibaba. Itala ang pagkakaiba ng GNI at GDP. Pagkatapos ay isulat sa gitnang bahagi ang pagkakahalintulad ng dalawa.




**Pamprosesong mga Tanong:**

1. Batay sa nabuong Venn diagram, papaano naiba ang Gross National Income sa Gross Domestic Product?
2. Bakit kailangang sukatin ang economic performance ng isang bansa?
3. Bakit may mga gawaing hindi kabilang sa pagsukat ng GNI at GDP?

**Gawain 2: ANONG APPROACH KA BA?**

Panuto: Punan ang iba't ibang pahayag sa ibaba ng wastong pamamaraan o approach na akma sa bawat bilang.

1. Ang mga gastos ng mga mamamayan tulad ng pagkain, damit, paglilibang, serbisyo ng manggugupit at iba pa ay maituturing na gastusing personal.
2. Sa paraang batay sa pinagmulang industriya, masusukat ang Gross Domestic Product ng bansa kung pagsasamahin ang kabuuang halaga ng produksyon ng mga pangunahing industriya ng bansa.
3. Ang sahod ng mga manggagawa ay ibinabayad sa sambahayan mula sa mga bahay-kalakal at pamahalaan.
4. Ang anumang kakulangan o kalabisan sa pagkuwenta na hindi malaman kung saan ibibilang.
5. Tinubo ng mga korporasyong pribado at pag-aari ay pinatakbo ng pamahalaan at iba pang mga negosyo.

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang mga paraan ng pagsukat sa pambansang kita?
2. Paano ito naiba sa isa't isa?
3. Sa iyong palagay, bakit dapat na nasusukat ang pambansang kita?

## Gawain 3: MATH TALINO

Panuto: Matapos basahin at unawain ang teksto ay susubukan ang iyong kaalaman sa pagkuwenta. Ito ay upang malinang ang iyong kakayahan sa pagkompyut na mabisang kasangkapan sa pag-aaral ng Ekonomiks. Sige na! Subukan mo na.

Kompyutin ang Price Index at Real GNP. Gamitin ang 2006 bilang batayang taon.

| Taon | Nominal GNP | Price Index | Real GNP |
|---|---|---|---|
| 2006 | 10,500 | | |
| 2007 | 11,208 | | |
| 2008 | 12,223 | | |
| 2009 | 13,505 | | |
| 2010 | 14,622 | | |

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang sinusukat ng Price Index?
2. Bakit kalimitang mas malaki ang Nominal GNI kung ihahambing sa Real GNI ng Pilipinas?
3. Ano ang kahihinatnan ng malaking populasyon ngunit maliit na GNI ng bansa sa kontemporaryong panahon?

**Gawain 4: EKONOMIYA PAGNILAYAN**

Panuto: Basahin ang pahayag ng National Statistical Coordination Board (NSCB) batay sa paglago ng ekonomiya ng bansa. Matapos basahin, gumawa ng isang sanaysay na may pamagat na “Ekonomiya ng Pilipinas: Saan Papunta?” Gawing gabay ang rubrik sa pagmamarka ng sanaysay.

**Philippine Economy posts 7.0 percent GDP growth in Q3 2013**

*(Posted 28 November 2013)*

**HIGHLIGHTS**

- The domestic economy grew by 7.0 percent in the third quarter of 2013 from 7.3 percent recorded the previous year boosting the 2013 first nine months’ growth to 7.4 percent from 6.7 percent last year. The third quarter growth was driven by the Services sector with the robust performance of Real Estate, Renting & Business Activities, Trade and Financial Intermediation sustained by the accelerated growth of the Industry sector.

- On the demand side, growth in the third quarter of 2013 came from increased investments in Fixed Capital, reinforced by consumer and government spending, and the robust growth in external trade.

- With accelerated growth of the Net Primary Income (NPI) from the Rest of the World in the third quarter of 2013 by 11.9 percent, the Gross National Income (GNI) expanded by 7.8 percent in the third quarter of 2013 from 7.3 percent in the third of 2012.

- On a seasonally adjusted basis, GDP posted a positive growth of 1.1 percent in the third quarter of 2013 but this was a deceleration from 1.6 percent in the previous quarter while GNI accelerated by 1.8 percent in the third quarter of 2013 from 1.1 percent in the second quarter of 2013. The entire Agriculture sector rebounded its seasonally adjusted growth to 0.7 percent from a decline of 0.7 percent in the previous quarter while Industry decelerated to 0.3 percent from 1.4 percent. On the other hand, the Services sector recorded a 1.6 percent growth for the third quarter of 2013 from 2.1 percent in the previous quarter with the positive growth of all its subsectors.

With projected population growing by 1.6 percent to level of 97.6 million, per capita GDP grew by 5.2 percent, per capita GNI accelerated by 6.0 percent while per capita Household Final Consumption Expenditures (HFCE) decelerated by 4.5 percent

**RUBRIK SA PAGMAMARKA NG SANAYSAY**

| | **Napakahusay (3)** | **Mahusay (2)** | **Hindi Mahusay (1)** | **Nakuhang Puntos** |
|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Nakapagpakita ng higit sa tatlong katibayan ng pagsulong ng ekonomiya ng bansa. | Nakapagpakita ng tatlong katibayan ng pagsulong ng ekonomiya ng bansa. | Nakapagpakita ng kulang sa tatlong katibayan ng pagsulong ng ekonomiya ng bansa. | |
| **Mensahe** | Maliwanag at angkop ang mensahe. | Di-gaanong maliwanag ang mensahe. | Di-angkop ang mensahe | |
| **Oras/ Panahon** | Nakasunod sa tamang oras ng paggawa | Lumagpas ng isang minuto sa paggawa | Lumagpas ng higit sa isang minuto sa paggawa. | |
| | | | **Kabuuang Puntos** | |

## Paglalahat / Repleksyon

Gawain: Isulat ang iyong mga natutunan matapos pag-aralan ang paksa.

3 — 3 bagay na nakita ko

Natuklasan ko…
4. ______________________________
5. ______________________________
6. ______________________________

2 — 2 interesadong bagay na natutunan ko

Natutunan ko ang…
3. ______________________________
4. ______________________________


1 — 1 bagay na nalilito ako

Kailangang matuto pa ako…
2. ______________________________

## Panapos na Pagtataya

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat aytem, piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa iyong **sagutang papel**.

1. Alin sa mga sumusunod ang sumusukat sa kabuuang pampamilihang halaga ng lahat ng tapos na produkto at serbisyo na ginawa sa loob ng isang takdang panahon sa loob ng isang bansa.
   A. Gross National Income
   B. Gross Domestic Product
   C. Value Added Approach
   D. Real National Income
2. Bakit mahalagang masukat ang *economic performance* ng bansa?
   A. Dahil magiging tanyag ang bansa sa mga pandaigdigang institusyong pampinansiyal
   B. Dahil magagamit ito upang makabuo ng mga patakarang magpapaangat sa ekonomiya ng bansa
   C. Dahil replksiyon ito sa kahusayan ng namumuno na magagamit upang umani ng malaking boto sa eleksiyon
   D. Dahil makikilala ang bansa sa pagkakaroon ng mahusay na pamamalakad ng ekonomiya
3. Alin sa mga sumusunod ang sumusukat sa kung ilang bahagdan ang nagging pag-angat ng ekonomiya kompara sa nagdaang taon.
   A. Growth Rate
   B. Income per Capita
   C. Gross National Income
   D. Gross Domestic Product
4. Alin sa sumusunod na pahayag ang tamang interpretasyon sa graph? PHILIPPINE GROSS NATIONAL INCOME & GROSS DOMESTIC PRODUCT At Current Prices, In Million Pesos




   A. Mas malaki ang Gross Domestic Product ng bansa kompara sa Gross National Income nito.
   B. Mas malaki ang Gross National Income noong taong 2012 kompara sa taong 2013.
   C. Mas malaki ang remittances mula sa mga OFW noong taong 2012 kompara sa taong 2013.
   D. Mas Malaki ang Gross National Income kompara sa Gross Domestic Product sa parehong taon.
5. Si Mr. Chen, isang Chinese National, ay nagtatrabaho sa kompanya na nasa Pilipinas. Saan dapat isinasama ang kanyang kinita?
   A. Sa Gross Domestic Product ng China dahil mamayan siya nito.
   B. Sa Gross National Product ng Pilipinas dahil dito nagmula ang kanyang kita.
   C. Sa Gross Domestic Product ng Pilipinas dahil dito nagmula ang kanyang kita.
   D. Sa Gross Domestic Product ng Pilipinas at China dahil parehong dito nagmula ang kanyang kita.

6. Kung mabagal ang pagsulong ng ekonomiya ng bansa base sa pagsusuri sa economic performance nito, dapat bang gumawa ng hakbang ang pamahalaan upang mapataas ito?

A. Oo, dahil magiging kahiya-hiya ang bansa sa buong daigdig.
B. Hindi, dahil ang bansa naman ang haharap sa naturang suliranin.
C. Oo, dahil repleksyon ito ng hindi mahusay na pamamalakad ng ekonomiya.
D. Hindi, dahil ang ekonomiya ng bansa ay walang kaugnayan sa ekonomiyang pandaigdigan.

7. Piliin sa sumusunod na pahayag ang pinakawasto.

A. Ang kita ng dayuhang namamasukan sa Pilipinas ay kabilang sa Gross National Income nito.
B. Ang gawaing nagmula sa impormal na sector ay kabilang sa pagsukat ng Gross National Income
C. Ang mga produktong segunda mano ay kabilang sa pagsukat ng Gross National Income
D. Ang halaga ng tapos na produkto at paglilingkod lamang ang isinasama sa Gross National Income

8. Kailan makikita na positibo ang *economic performance* ng bansa?

A. Kapag malaking bilang ng lakas paggawa ay wlng trabaho
B. Kapag gumagamit ng makabagong teknolohiya ang mga bahay kalakal
C. Kapag may pag-angat sa Gross Domestic Product ng bansa
D. Kapag lumalaki ang utang panlabas ng bansa

9. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang totoo tungkol sa Gross Domestic Product.

A. Ang kinita ng mga naturang OFW na nagttatrabaho sa kanilang mga bansa ay binibilang sa Gross Domestic Product
B. Sinusukat nito ang halaga ng lahat ng tapos na produkto ng ating bansa lamang
C. Ang produktong nabuo mula sa impormal sector ay kasama sap ag kwenta ng Gross Domestic Product
D. Sinusukat nito ang halaga ng lahat ng tapos na produkto ng ibang bansa.

10. Alin sa sumusunod ang may tuwirang epekto sa Gross Domestic Product ng bansa?

A. Mataas na remittance ng mga Overseas Filipino Workers
B. Masiglang pakikipagkalakalan ng Pilipinas sa ibang bahagi ng mundo
C. Maayos na pamumuno ng pamahalaan na mahihikayat sa pamumuhunan
D. Matalinong paggamit ng pondo ng pamahalaan para sa kawanggawa

## Susi sa Pagwawasto

Paunang Pagtataya

1. C
2. A
3. D
4. C
5. C
6. D
7. B
8. C
9. A
10. B

Gawain 1

Iba iba ang sagot

Gawain 2

1. Expenditure Approach
2. Industrial Origin/Value Added Approach
3. Income Approach
4. Expenditure Approach
5. Income Approach

Panapos na Pagtataya

1. B
2. B
3. A
4. D
5. C
6. C
7. D
8. C
9. A
10. C

Gawain 3

| Price Index | Real GNP |
|---|---|
| 100 | 10,500 |
| 106.7 | 10,504 |
| 116.4 | 10,501 |
| 128.6 | 10,502 |
| 134.3 | 10,497 |

Gawain 4

Iba iba ang sagot

**Aklat:**

Balitao, Bernard R. et al., Ekonomiks: *Mga Konsepto at Aplikasyon, Batayang Aklat ng Araling Panlipunan, Ika-siyam na Baitang.* Quezon City: Vibal Publishing House, Inc., 2012.

Kagawaran ng Edukasyon, Republika ng Pilipinas. *Ekonomiks, Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral, Unang Edisyon*, Pasig City: Vibal Group, Inc.,2015.

Tolentino, Rhodora R. *Bagong Kalakaran sa Ekonomiks Para sa Mataas na Paaralan*. Quezon City: Saint Bernadette Publications, Inc.,2001.

Tulla, Tereso S., Jr. *Unawain Natin ang Ekonomiks sa Diwang Pilipino, Ikalawang Edisyon*. Quezon City: SIBS Publishing House, Inc., 1998.